
Abiso sa Mga Kasanayan sa Privacy ng WellCare

Pinapahalagahan namin ang inyong privacy. May karapatan kayong malaman kung paano at kailan namin ibinabahagi ang inyong medikal na impormasyon. Mayroon din kayong karapatang makita ang inyong impormasyon. Nakadetalye sa abisong ito kung paano namin ibinabahagi ang inyong impormasyon at kung paano ninyo ito maaaring i-access. Pakibasa ito nang mabuti.

**Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa ng Abiso sa Privacy na ito: Marso 29, 2012
Binago hanggang noong Hunyo 2020**

Maaari naming baguhin ang aming mga kasanayan sa privacy paminsan-minsan. Kung gagawa kami ng malalaking pagbabago, bibigyan namin kayo ng kopya ng bagong Abiso sa Privacy. Isasaad nito kung kailan magkakaroon ng bisa ang mga pagbabago.

Nalalapat ang Abiso sa Privacy na ito sa mga sumusunod na entity ng WellCare:

- American Progressive Life and Health Insurance Company of New York
- Care 1st Health Plan Arizona, Inc.
- WellCare of California, Inc.
- Exactus Pharmacy Solutions, Inc.
- Harmony Health Plan, Inc.
- OneCare by Care1st Health Plan of Arizona, Inc.
- SelectCare of Texas, Inc.
- SelectCare Health Plans, Inc.
- WellCare Health Insurance Company of America
- WellCare Health Insurance of Arizona, Inc., na nagpapatakbo rin ng negosyo sa Hawaii bilang 'Ohana Health Plan, Inc.
- WellCare Health Insurance Company of Kentucky, Inc., na nagpapatakbo ng negosyo sa Kentucky bilang WellCare of Kentucky, Inc.
- WellCare Health Insurance Company of Louisiana, Inc.
- WellCare Health Insurance Company of New Jersey, Inc.
- WellCare Health Insurance of New York, Inc.
- WellCare Health Insurance of the Southwest, Inc.
- WellCare of Alabama, Inc.
- WellCare of Connecticut, Inc.
- WellCare of Florida, Inc., na kilala rin bilang Staywell Health Plan of Florida
- Staywell Kids and Children's Medical Services Health Plan, na pinapatakbo ng WellCare of Florida, Inc.
- WellCare of Florida, Inc.
- WellCare of Georgia, Inc.
- WellCare of Illinois, Inc.
- WellCare of Maine, Inc.
- WellCare of Mississippi, Inc.
- WellCare of New York, Inc.
- WellCare of North Carolina, Inc.
- WellCare of South Carolina, Inc.
- WellCare of Texas, Inc.
- WellCare of Washington, Inc.
- WellCare Prescription Insurance, Inc.
- WellCare Health Plans of Arizona, Inc.
- Meridian Health Plan of Illinois, Inc.
- Meridian Health Plan of Michigan, Inc.

- WellCare Health Plans of Missouri, Inc.
- WellCare Health Plans of New Jersey, Inc.
- WellCare Health Plans of Rhode Island, Inc.
- WellCare Health Plans of Vermont, Inc.
- MeridianRX, LLC
- WellCare Health Insurance Company of New Hampshire, Inc.
- WellCare Health Insurance of Connecticut, Inc.
- WellCare Health Insurance of North Carolina, Inc.
- WellCare National Health Insurance Company
- WellCare of Missouri Health Insurance Company, Inc.
- WellCare of New Hampshire, Inc.
- WellCare Health Insurance of Tennessee, Inc.
- WellCare of Tennessee, Inc.
- WellCare Health Insurance Company of Washington, Inc.

Paano Namin Maaaring Gamitin at Ibahagi ang Inyong Impormasyong Pangkalusugan nang walang Nakasulat na Pahintulot

May mga panuntunan ang WellCare na magpoprotekta sa inyong privacy. Inaatasan ng WellCare ang mga empleyado nito na protektahan ang inyong impormasyong pangkalusugan na binibigkas, nakasulat at nasa electronic na format. Gayunpaman, ito ay mga sitwasyon kung saan hindi namin kailangan ng inyong nakasulat na pahintulot na gamitin ang inyong impormasyong pangkalusugan o ibahagi ito sa iba:

1. **Panggagamot, Pagbabayad at Mga Pagpapatakbo ng Negosyo**

Maaaring kailangan naming ibahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan na tutulong sa paggamot sa inyo. Maaari namin itong ibahagi upang matiyak na nababayaran ang mga provider at para sa iba pang dahilang pangnegosyo. Halimbawa:

Panggagamot:

- Maaari naming ibahagi ang inyong impormasyon sa isang provider ng pangangalaga sa kalusugan na gumagamot sa inyo.
- Halimbawa, maaari naming ipaalam sa provider kung anong mga inireresetang gamot ang ginagamit ninyo.

Pagbabayad:

- Upang mabigyan kayo ng saklaw at mga benepisyong pangkalusugan, dapat kaming magsagawa ng mga bagay tulad ng pagkolekta ng mga premium at pagtiyak na nababayaran ang mga provider para sa kanilang mga serbisyo.
- Gagamitin namin ang inyong impormasyong pangkalusugan upang maisakatuparan ang mga gawaing may kaugnayan sa pananalapi.

Mga Pagpapatakbo ng Pangangalaga sa Kalusugan:

- Maaari naming ibahagi ang inyong impormasyon para sa aming mga pagpapatakbo ng pangangalaga sa kalusugan.
- Makakatulong ito sa pagprotektahan sa mga miyembro laban sa panloloko, pag-aaksaya at pang-aabuso.
- Makakatulong din ito sa amin sa pagtugon sa mga isyu at karaingan sa customer service.

Mga Alternatibo sa Pangagamot at Benepisyo at Serbisyo:

- Maaari naming gamitin ang inyong impormasyong pangkalusugan upang sabihin sa inyo ang tungkol sa mga opsyon sa paggamot na available para sa inyo.
- Papaalalahanan namin kayo tungkol sa mga appointment at sasabihin sa inyo ang tungkol sa mga benepisyo o serbisyong kinaiinterehan ninyo.

Pag-underwrite:

- Maaari naming gamitin ang inyong impormasyong pangkalusugan para sa pag-underwrite.
- Pakitandaang hindi namin gagamitin ang impormasyon tungkol sa inyong genetics para sa pag-underwrite.

Mga Miyembro ng Pamilya, Kamag-anak o Matalik na Kaibigan na Sangkot sa Pangangalaga sa Inyo:

- Maliban na lang kung tututol kayo, maaari naming ibahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan sa mga miyembro ng inyong pamilya, kamag-anak o matalik na kaibigan na may pahintulot ninyo na makisangkot sa medikal na pangangalaga sa inyo.
- Kung hindi kayo makasang-ayon o makatutol, maaari kaming magpasya kung makakabuti sa inyo ang pagbabahagi ng inyong impormasyon.
- Kung makapagpasya kaming ibahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan sa isang partikular na sitwasyon, ang ibabahagi lang namin ay ang impormasyong kinakailangan para sa pangagamot sa inyo o sa pagbabayad.

Mga Associate ng Negosyo:

- Maaari naming ibahagi ang inyong impormasyon sa isang associate ng negosyo na nangangailangan sa impormasyon upang makipagtulungan sa amin.
- Gagawin lang namin ito kung lalagda ang associate sa isang kasunduan na protektahan ang inyong privacy.
- Kabilang sa mga halimbawa ng mga associate ng negosyo ang mga auditor, abugado at tagapayo.

2. Pangangailangan ng Publiko

Maaari naming gamitin at ibahagi ang inyong impormasyong pangkalusugan upang makasunod sa batas o upang matugunan ang mahahalagang pangangailangan ng publiko na inilalarawan sa ibaba:

- Inaatasan kami ng batas na gawin ito.
- Kapag kailangan ng mga opisyal ng kalusugan ng publiko ang impormasyon para sa mga usapin tungkol sa kalusugan ng publiko.
- Kapag kailangan ng mga ahensya ng pamahalaan ang impormasyon para sa mga partikular na bagay gaya ng mga pag-audit, pagsisiyasat at pagsusuri.
- Kung naniniwala kaming biktima kayo ng pang-aabuso, pagpapabaya o karahasan sa tahanan.
- Kung ang inyong impormasyon ay kailangan ng isang tao o kumpanyang kinokontrol ng Food and Drug Administration (FDA): upang iulat o subaybayan ang mga depekto ng produkto; upang ayusin, palitan, o bawiin ang mga sirang produkto; o upang subaybayan ang isang produkto pagkatapos itong aprubahan ng FDA na puwedeng gamitin ng publiko.
- Kung aatasan kami ng isang hukuman na ipalabas ang inyong impormasyon.
- Kapag kailangan ng mga opisyal ng pagpapatupad ng batas ang impormasyon upang makasunod sa mga kautusan ng hukuman o batas, o upang tumulong sa paghahanap ng suspect, pugante, testigo o nawawalang tao.
- Upang mapigilan ang matinding banta sa inyong kalusugan – ibabahagi lang namin ang impormasyon sa isang taong makakatulong na pigilan ang banta.
- Para sa pananaliksik.
- Kapag kailangan ng batas ang impormasyon para sa bayad sa mga manggagawa o iba pang programang sumasaklaw sa pinsala o sakit na may kaugnayan sa trabaho na walang kaugnayan sa panloloko.

- Kung kailangan ng mga opisyal ng militar ang inyong impormasyon para sa isang misyon.
- Kapag kailangan ng mga pederal na opisyal ang impormasyon upang pangasiwaan ang pambansang seguridad o intelligence, o upang protektahan ang Pangulo o iba pang opisyal.
- Ibibigay ito sa mga opisyal ng kulungan na nangangailangan sa impormasyon upang mabigyan kayo ng pangangalaga sa kalusugan o mapanatili ang kaligtasan sa lugar kung saan kayo naka-confine.
- Kung sa kasamaang-palad ay namatay kayo, ibibigay ito sa isang koroner o medikal na tagasuri, halimbawa, upang matukoy ang sanhi ng pagkamatay.
- Ibibigay ito sa mga direktor ng paglilibing upang maisagawa nila ang kanilang mga tungkulin.
- Kung sa kasamaang-palad ay namatay kayo, ibibigay ito sa mga organisasyong nagtatago ng mga organ, mata o iba pang tissue upang malaman nila kung pinapayagan ng batas ang pag-donate o transplant.

3. Impormasyong Ganap na Walang Personal na Pagkakakilanlan at Bahagyang May Personal na Pagkakakilanlan.

Ito ang dalawang uri ng impormasyong dapat ninyong malaman:

- Impormasyong pangkalusugan na “**ganap na walang personal na pagkakakilanlan**”: Ibabahagi lang namin ito pagkatapos alisin ang anumang maaaring makapagsabi sa ibang tao kung sino kayo.
- Impormasyong pangkalusugan na “**bahagyang may personal na pagkakakilanlan**”: Hindi ito maglalaman ng anumang impormasyong direktang makapagpakilala sa inyo (gaya ng inyong pangalan, address ng kalye, Social Security number, numero ng telepono, numero ng fax, electronic mail address, website address o numero ng lisensya).
- Magbabahagi lang kami ng impormasyong bahagyang may personal na pagkakakilanlan para sa kalusugan ng publiko, pananaliksik o para sa mga pagpapatakbo ng negosyo, at ang taong tatanggap nito ay dapat lumagda sa isang kasunduan na protektahan ang inyong privacy alinsunod sa iniaatas ng batas.

Kinakailangan para sa Nakasulat na Pahintulot

Sa unang bahagi ng abisong ito, inilista namin ang ilan sa mga dahilan kung bakit namin maaaring gamitin ang inyong impormasyong pangkalusugan nang wala ang inyong nakasulat na pahintulot, na kinabibilangan ng:

- Pangagamot
- Pagbabayad
- Mga pagpapatakbo ng pangangalaga sa kalusugan
- Iba pang dahilang nakalista sa abisong ito

Gayunpaman, kailangan namin ang inyong nakasulat na pahintulot na gamitin ang inyong impormasyong pangkalusugan para sa iba pang dahilan, na maaaring kinabibilangan ng:

- Mga paghahayag ng mga tala sa psychotherapy (kung naaangkop)
- Mga layunin ng marketing
- Mga paghahayag para sa pagbebenta ng impormasyong pangkalusugan

Maaari ninyong tapusin ang inyong pahintulot sa pamamagitan ng isang kasulatan anumang oras.

Ang Inyong Mga Karapatang I-access at Kontrolin ang Inyong Impormasyong Pangkalusugan

Gusto naming ipaalam sa inyo ang tungkol sa mga karapatang ito.

1. Karapatang I-access ang Inyong Impormasyong Pangkalusugan.

Maaari kayong kumuha ng kopya ng inyong impormasyong pangkalusugan maliban sa impormasyong:

- Nasa mga tala sa psychotherapy.
- Nakalap para sa inaasahang paglilitis na sibil, tungkol sa krimen o pang-administrator, o upang magamit para dito.
- Napapailalim ang impormasyon sa Clinical Laboratory Improvements Amendments of 1988 (CLIA) nang may ilang pagbubukod.

Maaari kayong kumuha ng mga electronic health record (EHR) para sa inyo. May karapatan kayong kunin ang mga ito sa electronic na format. Maaari kayong humiling sa amin na magpadala ng kopya ng inyong EHR sa isang third party na pipiliin ninyo.

Paano i-access ang inyong impormasyong pangkalusugan:

- Ipadala ang inyong nakasulat na kahilingan sa address na nakalista sa huling bahagi sa Abiso sa Privacy na ito.
- Kadalasan, tutugon kami sa loob ng 30 araw kung nasa aming pasilidad ang impormasyon.
- Tutugon kami sa loob ng 60 araw kung nasa ibang pasilidad ito.
- Ipapaalam namin sa inyo kung kailangan namin ng higit pang panahon upang makatugon.

Maaari kaming maningil sa inyo ng bayad upang mabayaran ang mga gastos tulad ng postage. Kung hihiling kayo ng kopya ng EHR, hindi namin kayo sisingilin nang mas malaki kaysa sa aming mga gastos sa pagtatrabaho.

Maaaring hindi namin kayo bigyan ng access sa inyong impormasyong pangkalusugan kung ito ay:

- Malamang na maglagay sa inyo o sa ibang tao sa panganib nang may sapat na dahilan.
- Tumutukoy sa ibang tao at natukoy ng isang lisensyadong propesyonal ng pangangalaga sa kalusugan na posibleng mapahamak ang taong iyon dahil sa inyong access.
- Natukoy ng isang lisensyadong propesyonal ng pangangalaga sa kalusugan na posibleng mapahamak ang taong iyon o ang sinupamang tao dahil sa inyong access bilang kinatawan ng ibang tao.

Kung tatanggihan namin ang inyong kahilingan para sa isa sa mga dahilang ito, maaari kayong humiling ng pagsusuri. May karapatan kayong humiling ng nakasulat na paliwanag ng mga dahilan ng pagtanggap.

2. May Karapatan Kayong Baguhin ang Maling Impormasyong Pangkalusugan

Maaari kayong humiling sa amin na baguhin ang impormasyong sa tingin ninyo ay mali o hindi kumpleto. Humiling sa amin sa pamamagitan ng pagsulat. Tutugon kami sa loob ng 60 araw. Maaaring wala sa amin ang impormasyon. Kung ganoon ang sitwasyon, ipapaalam namin sa inyo kung paano makipag-ugnayan sa taong nangangasiwa sa impormasyon. Sa ilang sitwasyon, maaari naming tanggihan ang inyong kahilingan. Kapag nangyari ito, maaari ninyong isaad na hindi kayo sumasang-ayon. Maaari ninyong hilinging isama ang inyong pahayag kapag ibinahagi namin ang inyong impormasyon sa hinaharap.

3. May Karapatan Kayong Malaman Kung Kailan Namin Ibinabahagi ang Inyong Impormasyon

Maaari kayong humiling sa amin ng accounting ng mga paghahayag ng inyong impormasyong pangkalusugan sa nakalipas na anim na taon. Hindi kabibilangan ang aming tugon ng mga paghahayag:

- Para sa pagbabayad, panggagamot o mga pagpapatakbo ng pangangalaga sa kalusugan na isinagawa sa inyo o sa inyong personal na kinatawan.
- Na pinahintulutan ninyo sa pamamagitan ng isang kasulatan.
- Isinagawa sa pamilya at mga kaibigang sangkot sa pangangalaga sa inyo o pagbabayad para sa pangangalaga sa inyo.
- Para sa pananaliksik, kalusugan ng publiko o aming mga pagpapatakbo ng negosyo.
- Isinagawa sa mga pederal na opisyal para sa mga aktibidad sa pambansang seguridad at intelligence na isinagawa sa mga kulungan o pagpapatupad ng batas.
- Mga paggamit o paghahayag na pinapahintulutan o iniaatas ng batas.

Paano humiling ng accounting ng mga paghahayag:

- Magpadala ng sulat sa address na nakalista sa huling bahagi sa Abiso sa Privacy na ito.
- Kung wala sa amin ang inyong impormasyong pangkalusugan, ibibigay namin sa inyo ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng taong nangangasiwa nito.
- Tutugon kami sa loob ng 60 araw.

Maaari kayong humiling nang libre nang isang beses bawat taon. Maaari kaming maningil ng bayad para sa higit pang kahilingan sa loob ng parehong 12 buwan.

4. May Karapatan Kayong Humiling ng Mga Karagdagang Proteksyon sa Privacy

Maaari kayong humiling sa amin na magtakda ng higit pang paghihigpit sa paggamit o paghahayag ng inyong impormasyong pangkalusugan. Kung sasang-ayon kami sa inyong kahilingan, itatakda namin ang mga paghihigpit na ito maliban na lang kung may emergency. Hindi namin kailangang sumang-ayon sa paghihigpit maliban na lang kung:

- Kinakailangan ang paghahayag para sa pagbabayad o mga pagpapatakbo ng negosyo at hindi iba ang iniaatas ng batas.
- Nauugnay lang ang impormasyong pangkalusugan sa isang item o serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan na binabayaran ninyo o ng isang tao sa ngalan ninyo mula sa sariling bulsa at nang buo.

Maaari ninyong tapusin ang mga paghihigpit na ito anumang oras.

5. May Karapatan Kayong Humiling ng Mga Kumpidensyal na Pakikipag-ugnayan

Maaari kayong humiling sa amin na makipag-ugnayan sa inyo sa mga alternatibong paraan.

Paano humiling ng mga alternatibong pakikipag-ugnayan:

- Ipadala ang inyong kahilingan sa address na nakalista sa huling bahagi sa Abiso sa Privacy na ito.
- Malinaw na isaad sa inyong kahilingan na maaari kayong malagay sa panganib kapag inihayag ang inyong impormasyong pangkalusugan at ilita kung paano o saan ninyo gustong makatanggap ng mga pakikipag-ugnayan.

6. May Karapatan Kayong Malaman Kapag May Paglabag

Inaatasan kami ng batas na panatilihing pribado ang inyong impormasyong pangkalusugan. Nagsasagawa kami ng mga hakbang upang protektahan ang impormasyon sa mga electronic na file. Kapag may hindi pinapahintulatang access ang isang tao, tinatawag itong paglabag. Sasabihin namin sa inyo kung mangyayari ito. Sa ilang sitwasyon, magpo-post kami ng abiso sa aming website (www.wellcare.com) o sa isang outlet ng balita sa inyong lugar.

7. May Karapatan Kayong Kumuha ng Papel na Kopya ng Abisong Ito

Maaari kayong humiling ng papel na kopya ng abisong ito. Pakipadala ang inyong nakasulat na kahilingan sa address sa pahinang ito ng Abiso sa Privacy. Maaari kayong bumisita sa aming website sa www.wellcare.com.

Iba pang bagay

1. Paano Makipag-ugnayan sa Amin

Ipaalam sa amin kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa Abiso sa Privacy na ito. Maaari kayong makipag-ugnayan sa amin sa isa sa mga sumusunod na paraan:

- Tawagan ang aming Privacy Officer (Opisyal ng Privacy) sa **1-888-240-4946 (TTY 711)**
- Tawagan ang toll-free na numero sa likod ng inyong membership card
- Bisitahin ang www.wellcare.com
- Sumulat sa amin sa:

WellCare Health Plans, Inc.
Attention: Privacy Officer
P.O. Box 31386
Tampa, FL 33631-3386

2. Mga Reklamo

Maaari kayong magreklamo kung sa tingin ninyo ay nilabag namin ang inyong mga karapatan sa privacy. Magagawa ninyo ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin sa isa sa mga paraang nakalista sa itaas. Maaaring kailangan din ninyong magpadala ng nakasulat na reklamo sa U.S. Department of Health and Human Services (Departamento ng Kalusugan at Mga Serbisyong Pantao sa U.S.). Hindi kami kikilos nang laban sa inyo dahil sa pagrereklamo ninyo. Karapatan ninyo iyon.

3. Iba Pang Karapatan

Ipinapaliwanag ng Abiso sa Privacy na ito ang inyong mga karapatan sa ilalim ng pederal na batas. Ngunit maaari kayong bigyan ng ilang batas ng estado ng higit na karapatan. Maaaring kabilang sa mga ito ang higit na maiinam na karapatan sa pag-access at pagbabago. Maaari kayong bigyan ng ilang batas ng estado ng higit na proteksyon para sa sensitibong impormasyon sa mga larangang ito:

- HIV/AIDS
- Kalusugan ng pag-iisip
- Pag-abuso sa pag-inom ng alak at paggamit ng droga
- Kalusugan ng reproductive system
- Mga sakit na naipapasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik

Kung bibigyan kayo ng batas sa inyong estado ng higit na mga karapatan kaysa sa nakalista sa abisong ito, susundin namin ang batas sa inyong estado.
